# MAHIHINANG POPULASYON AT COVID-19

**Habang ang mga sakit ay maaaring magdulot ng sakit sa sinuman, ang ilang mga taga-Canada ay mas nasa panganib na makakuha ng impeksyon at magkaroon ng malubhang komplikasyon dahil sa kanilang kalagayan sa kalusugan, panlipunan at pangkabuhayan.**

**Gumaganap ng mahalagang papel ang mga organisasyon, tauhan at boluntaryo sa pagtulong upang maiwasan ang mga populasyon na ito sa pagkakaroon o pagkalat ng virus na COVID-19. Magsimula sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga simpleng bagay na kanilang magagawa upang mapanatili ang kanilang mga sarili at ang iba pa na maging malusog, gabayan sila upang makatulong kung magkaroon sila ng anumang senyales at sintomas at matuto ng mga paraan upang makatulong sa pag-aalaga sa mga may sakit na kliyente na gumagaling mula sa COVID-19.**

## Kabilang sa mahihinang populasyon ang:

Sinumang:

- Mas matandang adulto
- Nasa peligro dahil sa nakapaloob na mga kondisyong medikal (hal. sakit sa puso, altapresyon, diabetes, hindi gumaling-galing na sakit ng palahingahan, kanser)
- Nasa peligro dahil sa isang huminang immune system mula sa isang kondisyong medikal o paggamot (hal. chemotherapy)

Sinumang may:

- Kahirapan sa pagbabasa, pagsasalita, pag-unawa o pakikipag-usap
- Kahirapan sa pag-access sa pangangalagang medikal o payo sa kalusugan
- Kahirapan sa paggawa ng mga aktibidad upang maka-iwas, tulad ng madalas na paghuhugas ng kamay at pagtatakip ng mga ubo at pagbahin
- Nagpapatuloy na dalubhasang pangangalagang medikal o nangangailangan ng partikular na mga medikal na supply
- Nagpapatuloy na pangangailangang pangangasiwa o suporta para sa pagpapanatili ng kalayaan
- Kahirapan sa pag-access sa transportasyon
- Mga hadlang sa pangkabuhayan
- Hindi matatag na trabaho o istriktong mga kondisyon sa trabaho
- Paghihiwalay na panlipunan o heograpiya, tulad ng sa malalayo at nakahiwalay na mga komunidad
- Hindi ligtas, hindi sapat, o hindi umiiral na mga kondisyon ng pabahay

## Paano masusuportahan ng mga organisasyon ang mahihinang populasyon habang may mga paglaganap ng COVID-19

Maglaan ng oras upang malaman ang mga katotohanan:
←←Alamin pa ang tungkol sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagbisita sa **canada.ca/coronavirus**
←←Maging laging may alam tungkol sa kasalukuyang sitwasyon sa inyong komunidad
←←Makipag-ugnayan sa mga lokal, panlalawigan, teritoryal na opisyal ng pampublikong kalusugan upang makakuha ng may-katuturang impormasyon, mapagkukunan at gabay tungkol sa COVID-19

Maglaan ng oras upang makapaghanda:
←←Suriin ang iyong plano sa pagpapatuloy ng negosyo upang malaman mo at ng iyong tauhan kung ano ang gagawin
←←Magplano nang maaga para sa potensyal na mga pagkagambala
←←Tukuyin at magplano kung paano magpapatuloy sa pagbibigay ng pinakakritikal na mga serbisyo
←←Makipagtulungan sa mga organisasyon na nagbibigay ng mga katulad na serbisyo upang makapagbahagi ng mga mapagkukunan at mga estratehiya
←←Maging handang sagutin ang mga katanungan mula sa mga tauhan, boluntaryo, at kliyente
←←Isaalang-alang ang pag-iimbak ng mga pangkalahatang supply at**mga supply na panlinis**
←←Maghanda para sa mga masisilungan at mga limitasyon sa espasyo na pinagsasaluhan ng komunidad

Turuan ang mga tauhan tungkol sa mga paraan upang iwasan ang pagkalat ng COVID-19:
←←Dalasan ang paghuhugas ng mga kamay gamit ang sabon at mainit na tubig o paggamit ng panlinis na may alkohol

←←Dagdagan ang pag-access sa kalinisan ng kamay at mga supply sa tamang pag-ubo (hal. pampahid sa kamay na may alkohol, sabon, mga tuwalyang papel, tisyu, sisidlan ng basura)

←←Paglilinis ng madalas na ginagamit na mga espasyo, ibabaw at mga bagay (mga kusina, karaniwang lugar, lugar na kainan, mesa, pinagsasaluhang lugar na tulugan, doorknob, at gripo)

←←Pananatili sa bahay kapag may sakit

←←Pag-iwas sa paggamit ng ipinahihiram na mga pansariling item

←←Pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa kung ano ang dapat gawin kung ang tauhan o kliyente ay nagpapakita ng mga sintomas ng pagkakasakit

Pagbabahagi ng mga hakbang tungkol sa **kung paano** pangalagaan at ihiwalay ang mga taong naninirahan sa masikip na pasilidad (kabilang ang paggamit ng hiwalay na banyo, kung mayroon)

**Mga mungkahi sa pagsuporta sa mahihinang populasyon habang may COVID-19**

←←Magbigay ng malinaw na mga tagubilin tungkol sa kung paano maghugas ng mga kamay at takpan ang mga ubo gamit ang: Pinakakaraniwang ginagamit na wika sa komunidad

Maiikling mensahe na nagpapaliwanag ng mga simpleng hakbang na maaari nilang sundin

Malaking font at graphics

Maa-access na mga tagubilin (hal. braille, larawan); at

Sa pamamagitan ng pag-post ng mga palatandaan sa mga karaniwang lugar: malapit sa mga lababo, mga pasukan, mga lugar ng pagtanggap, banyo, silid-tulugan, lugar ng libangan, silid-tanggapan

←←Isaalang-alang na suportahan ang mga alternatibo tulad ng: Paggamit ng mga tsuper na boluntaryo at pamasahe sa taxi na may tulong na pananalapi sa halip na pampublikong transportasyon

Pagkakaroon ng mga alternatibong hakbang sa pag-abot o isang sistemang "buddy"

Pagsama sa mga mga patakaran upang payagan ang mga kliyenteng may sakit na magpahinga sa mga silungan sa buong maghapon

Pagbibigay ng access sa pagkain, mga inumin at supply, hangga't maaari

Pagpapaalala sa mga kliyente upang punan o muling kumuha ng mga resetang gamot, at kinakailangang mga medikal na supply

←←Kung naghihinala ka na may sakit ang isang kliyente dulot ng COVID-19, mangyaring makipag-ugnay sa inyong lokal na **Awtoridad ng Pampublikong Kalusugan**

**MAAARI NATING LAHAT NA GAWIN ANG ATING BAHAGI SA PAGPIGIL NG PAGKALAT NG COVID-19. PARA SA KARAGDAGANG INPORMASYON, BISITAHIN ANG**

**Canada.ca/coronavirus** o makipag-ugnay